



Mga Mas Ligtas na Paraan ng Paggamit ng Mga Outdoor na Nakabahaging Espasyo para sa Mga Pinapayagang Aktibidad Habang May COVID-19

NA-UPDATE noong Disyembre 30, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa lokal na paggamit, at ipo-post sa <https://www.sfdcp.org/>. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago sa kaalaman, transmisyon sa komunidad, pagiging available ng Personal na Pamproteksyong Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga negosyo, serbisyo, o aktibidad na gustong magtayo ng mga bagong shelter na mag-o-operate outdoors, alinsunod sa Mga Utos at Direktiba sa Kalusugan na ipinapatupad sa panahon ng COVID-19.

Para sa layunin ng gabay na ito, ang shelter ay isang bagong konstruksyon na binubuo ng mga bakod o overhead na covering para makapagbigay ng proteksyon mula sa araw, ulan, iba pang elemento ng lagay ng panahon, at privacy. Nalalapat ang gabay na ito sa mga shelter sa mga nadaraanan ng publiko, gaya ng bangketa o paradahan. Hindi ito nalalapat sa mga shelter na nasa pribadong property.

BACKGROUND: Para maiwasan ang transmisyon ng COVID-19, dapat limitahan ang mga indoor na aktibidad, at hinihikayat ang mga negosyong outdoors isagawa ang mga aktibidad para mapaliit ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19. Para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang <https://www.sfdcp.org/indoorrisk>.

Nagbibigay ang Pansamantalang Gabay na ito ng framework na mapagbabatayan ng mga negosyo at provider ng serbisyo sa pagpapagawa o pagpapatayo ng mga bagong shelter sa mga naaprubahang nakabahaging espasyo. Nalalapat ang framework sa anumang katatayo lang na shelter na ginawa, sa partikular, para magamit ng tao o mga tao sa loob ng 15 minuto o higit pa para sa pag-eehersisyo, dining, o paglahok sa anumang pinapayagang aktibidad (gaya ng pagkuha ng pinapayagang personal na serbisyo o pagtuturong nagbibigay ng kaalaman) outdoors.

Mahalagang Kinakailangan para sa Mga Outdoor na Shelter

- Ang PINAKAMAHALAGANG dapat isalang-alang ay ang pag-ihip ng sariwang hangin sa shelter, sa breathing zone kung nasaan ang mga tauhan, kliyente, at customer. Posibleng hindi maximize ang privacy at maging sapat pa rin ang pag-ihip ng hangin.
- Madali lang dapat linisin at i-sanitize ang mga surface.
- Para sa kaligtasan ng lahat ng residente at manggagawa sa San Francisco (SF), dapat sumunod ang lahat ng shelter sa lahat ng kinakailangan sa pagpapahintulot ng Pangasiwaan para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA), Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans With Disabilities Act, ADA), Departamento para sa Sunog (Fire Department), at lokal at estado.
- Dapat ay palaging magsuot ng takip sa mukha at magpanatili ng 6 na talampakang pagitan ang mga taong hindi magkakasama sa bahay, alinsunod sa lahat ng Utos at Direktiba sa Kalusugan.

Malayang Pag-ihip ng Hangin

May ebidensya nang lubos na napapaliit ang posibilidad ng transmisyon ng COVID-19 kapag malayang umiihip ang hangin outdoors. Dapat sumunod ang anumang outdoor na aktibidad na pinapahintulutan sa ilalim ng isang Utos o Direktiba sa Kalusugan para sa “malayang pag-ihip ng hangin sa breathing zone.”



Tumutukoy ang breathing zone sa espasyo sa paligid ng ilong at bibig ng isang indibidwal, kung saan napupunta ang hangin kapag humihinga siya. Posibleng iba-iba ang taas ng breathing zone para sa mga tauhan, kliyente, at customer. Halimbawa, magkaiba ang taas ng breathing zone ng isang taong nagpepedicure at ng indibidwal na nagpapa-pedicure. Mahalagang malayang makaihip ang sariwang hangin sa breathing zone para sa lahat ng indibidwal na gumagamit sa outdoor na espasyo para mapaliit ang posibilidad ng transmisyon ng COVID-19 sa pagitan ng mga tao. Kinakailangan ng takip sa mukha para matakpan ang breathing zone ng isang indibidwal, maliban kung aktibong kumakain o umiinom ang indibidwal.

Mga Bakod, Pader, at Barikada

Mga Mandatoryong Pamantayan sa Disenyo

Permeable vs. Impermeable o “Kailan Nagiging Pader ang Isang Screen?”

- Inilalarawan ang impermeable na pader bilang anumang uri ng materyales na may kakayahang makatuwirang pigilan ang pagpasok ng mga aerosol. Ang matitigas na pader, plastic, plexiglass, o kurtinang gawa sa tela ay hindi napapasok ng hangin at itinuturing na pader.
- Mas malayang makakaihip ang hangin sa mga harang gaya ng bakod na may disenyong lattice na may mga slat na malalawak ang pagitan o sa isang magaspang na mesh screen, at hindi itinuturing na impermeable na pader ang mga ito.

Mga Perimeter Wall

- Hindi dapat bababa sa 50% ng perimeter ang nakabukas para malayang makaihip ang hangin. Puwedeng adjacent (nagtatagpo sa gilid) ang mga pader, basta wala pang 50% ng perimeter ang haba ng mga adjacent na pader. Tingnan ang larawan A-D sa ibaba.

Mga interior na separator

- Kung maglalagay ng mga harang sa loob ng perimeter para magmistulang pribado ang mga espasyo, gaya sa pagitan ng magkakalayong mesa, ang maximum na impermeable na taas ay 42". Permeable dapat ang taas na mahigit sa 42".

Mga Overhead na Takip

- Basta't nakakasunod ang istruktura sa kinakailangan sa itaas, pinapahintulutan ang mga kisame, bubong, umbrella, o canopy.

Ipinapakita ng mga larawang ito ang iba't ibang configuration ng perimeter at mga interior na pader at harang ng isang 40 talampakan x 10 talampakang espasyo. May perimeter na 100 talampakan (40+40+10+10) ang espasyong ito, at ang 50% ng 100 talampakan ay 50 talampakan. Kinakatawan ng makakapal na linya ang mga impermeable na pader na mahigit sa 42" ang taas, at kinakatawan ng mga dash na linya ang mga impermeable na harang na wala pang 42" ang taas.

Ipinapakita ng Figure C at D ang mga kulob na espasyong hindi magbibigay-daan sa malayang pag-ihip ng hangin sa breathing zone. Bagama't may mga adjacent na paderang ang Figure C, hindi hihigit sa 50% ng perimeter ng mga ito ang naka-enclose ng mga impermeable na pader. Hindi dapat hihigit sa 42" ang taas ng iba pang impermeable na patayong harang sa perimeter o sa interior ng shelter na ito. Puwedeng magkaroon ng impermeable na bubong o takip ang mga shelter na ito.



Mga Rekomendasyon Kaugnay ng Panganib

Hindi posibleng mahulaan ang bawat uri ng outdoor na shelter at paunang matukoy kung mabibigyang-daan ng anumang partikular na configuration ang malayang pag-ihip ng hangin sa breathing zone para sa mga tauhan, customer, at kliyente. Bukod sa komposisyon ng harang, ang pag-ihip ng hangin ay naaapektuhan ng taas, bilang, at anggulo ng mga harang, maging ng porsyento ng espasyong natatakpan ng mga impermeable na harang. Sumangguni sa Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) sa dulo ng dokumentong ito at isaalang-alang ang sumusunod sa pagdidisenyo ng outdoor na shelter.

- Dagdagan ang pumapasok at lumalabas na hangin sa pamamagitan ng pagsasama sa disenyo ng mga permeable na harang gaya ng mesh at lattice.
- Isulong ang pag-ihip ng mas maraming hangin sa breathing zone kung posible.

Kaugnayan sa Programang Mga Parklet at Nakabahaging Espasyo

Ang mga pamantayan sa disenyo ng Parklet at Mga Nakabahaging Espasyo ay kinabibilangan ng mga kinakailangan para sa taas ng pader, visibility ng pedestrian, at taas ng kisame. Kung papahintulutan ang iyong shelter alinsunod sa isa sa mga programang ito, malamang ay nabibigyang-daan nito ang malayang pag-ihip ng hangin sa breathing zone, pero obligasyon mong suriin ang mga mandatoryo at pinapahintulutang pamantayan sa disenyo na kasama sa dokumentong ito.

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)

Puwede ba akong maglagay ng mga payong/canopy sa mga mesa?

Basta't nabibigyang-daan ng shelter ang malayang pag-ihip ng hangin sa breathing zone ng iyong mga tauhan, customer, at kliyente, papayagan ang mga umbrella, canopy, o iba pang takip. Hindi puwedeng lumampas ang mga nasabing payong at tent sa harang, hindi dapat makaabala ang mga ito sa access sa o sa bentilasyon ng mga utility cover, at nakakasunod dapat ang mga ito sa ADA.

Nakakasunod ba ang shelter ko na kakatapos lang itayo, kanino ako puwedeng makipag-ugnayan para makatiyak?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-aayos ng iyong outdoor na espasyo, bisitahin ang website ng Mga Nakabahaging Espasyo (Shared Spaces) ng San Francisco sa <https://sf.gov/shared-spaces>.

May mga adjacent na pader ang aking shelter na katatayo lang, pinapayagan ba ito?

Hindi madalas. Kung masyadong mahaba ang mga pader at kung mahigit sa 50% ng perimeter ng espasyo ang sakop nito, mababawasan ang sirkulasyon ng hangin kung saan nagtatagpo ang dalawang "saradong" adjacent na pader at maiipon ang hangin.

Puwede ba akong gumamit ng mga heater, bentilador, swamp cooler, atbp.

Siguro. Lubos naming inirerekomendang ayusin mo ang mga bentilador sa paraang hindi magpapalipat-lipat ang buga ng hangin sa iba't ibang grupo ng mga tao. Hindi sapat ang naidaragdag na bentilasyon ng mga bentilador sa paraang mapapahintulutan ang paggamit ng mga saradong shelter. Hindi dapat maglagay ng mga propane heater sa anumang shelter na may bubong.

Bakit hindi ko puwedeng pagsama-samahin ang mga tao mula sa iisang sambahayan o grupo sa mas saradong shelter?

Kung sarado ang isang outdoor na shelter, hindi malayang makakaihip ang hangin sa espasyo. Kung gagawa ka ng mga saradong espasyo outdoors na para sa iisang grupo lang, kakailanganin pa rin ng mga



tauhan na kumilos sa espasyo habang nagseserbisyo sa mga customer at kapag nagdi-disinfect pagkatapos ng bawat paggamit. Sa outdoor na dining, hindi kailangang mula sa iisang sambahayan ang lahat ng nakaupo sa mesa.

Paano ko pa mapapaliit ang panganib para sa aking mga tauhan at customer?

Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa laban kontra COVID-19 dahil (1) napapanatiling malusog ang mga manggagawa at komunidad at (2) nababawasan ang kinakaharap ng ating pangangalagang pangkalusugan at mga sistema ng pagsusuring tumutugon sa COVID-19. Lubos na hikayatin ang lahat ng tauhang magpabakuna para sa trangkaso. Magpaskil ng karatula para hikayatin ang mga customer, bisita, atbp. na magpabakuna para sa trangkaso.

Mga Mapagkukunan

Gabay sa Muling Pagbubukas para sa Mga Restaurant:

<https://sf.gov/resource/2020/reopening-guidance-restaurants>

Gabay sa Industriya sa Panahon ng COVID-19: Mga Pinalawak na Serbisyo sa Personal na Pangangalaga na Ibinibigay Outdoors: <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-outdoor-personal-care--en.pdf>

Mga Pagsasaalang-alang ng Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) para sa Mga Restaurant at Bar: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/business-employers/bars-restaurants.html>